

Si Jose sa Lupain ng Ehipto

GENESIS KABANATA 39-40

Pumili ng mga activity na magugustuhan ng iyong anak at makakatulong sa kaniya.
Pag-usapan ang mga ito bilang pamilya.




BASAHIN ANG GENESIS KABANATA 39-40

Pagkatapos, basahin ang isinalarawang kuwento sa Bibliya (online o mula sa naka-print na PDF), at pag-usapan ang mga tanong sa dulo ng kuwento.

SUBUKAN ITO: Sabihin sa mga anak mo na gawing isang balita ang kuwentong ito. Kunwari ay ibabalita nila ang pangyayari at iinterbyuhin ang mga pangunahing tauhan at mga nakasaksi sa pangyayari.

Sa ilang wika, mapapakinggan mo ang isinadulang kuwentong ito sa Bibliya na pinamagatang "Preserving Life in Time of Famine." Kasama rin sa audio recording na ito ang mga pangyayari na itatampok sa susunod na mga isinalarawang kuwento. Puwede mo itong i-download sa www.jw.org. Tingnan sa PUBLICATIONS > DRAMAS.

IBA PANG ACTIVITY NA MAPI-PRINT



LARO AT LARAWAN

ANO ANG PAGKAKAIBA? Basahin ulit ang Genesis 40:16, 17.

Pagkatapos, sabihin sa mga batang edad 3 hanggang 5 na hanapin ang tatlong pagkakaiba ng dalawang larawan, isulat ang mga sagot sa mga patlang, at kulayan ang tamang larawan.



ACTIVITY PARA SA PAG-AARAL

ANO ANG PAGKAKATULAD? Sabihin sa mga batang edad 6 hanggang 10 na basahin ang mga clue at isulat sa patlang ang pagkakatulad ni Jose at ng iba pang karakter sa Bibliya.



IPUNIN AT PAG-ARALAN

BIBLE CARD: Basahin ang maikling impormasyon. Itanong ang mga tanong sa card. Tingnan ang mga petsa sa card na ito at sa naipon ninyong mga card, at tulungan ang iyong mga anak na piliin ang mga karakter sa Bibliya na nasa aklat ng Genesis. (Clue: Iniulat ng Genesis ang mga pangyayaring naganap hanggang sa taóng 1657 B.C.E.)